

## Pagpili ng Serbisyong Lokal na Pangtelepono

Ang mga tradisyonal na kompanya ng telepono, ang "cable", at mga kompanya ng "cell phone" ay maaaring mag-alok ng serbisyong lokal na pangtelepono sa inyong lugar.

Bago pumili, paghambing ang mga singil at iba pang mahalagang kondisyon.

Kasama sa bayad sa serbisyong lokal na pangtelepono ang:

- Minsanang bayad upang simulan o palitan ang serbisyo
- Buwanang bayad: Kayo ay sisingilin baw't buwan sa bayad ng serbisyong panglokal at iba pang piniling serbisyo.
- Mga "Toll Calls": Ang mga 'toll calls' ay ang mga tawag sa labas ng lugar na sakop ng inyong serbisyong panglokal kahit na pareho ang area code. Ang mga "toll calls" ay maaaring napakamahal.

## Pagpili ng Serbisyong Pangmalayuang Tawag

Maraming pagpipiliang plano ng pangmalayuang tawag. Pag-aralang mabuti. Alamin ang mga bagay na ito:

- Buwanang Bayad: Mag-

kano ang baw't singil at anong serbisyo ang matatanggap sa baw't isa.

- Pinakamababang Bayad. Maaaring mayroong pinakamababang singil baw't buwan o sa baw't tawag.
- Bayad sa Paglipat. Kayo ay maaaring singilin baw't paglipat ng kompanyang pangmaylayan. Kung ganoon, tanungin ang lilipatang kompanya kung babayaran nila ang singil sa paglipat.
- Natatanging Singil na Pang-akit: Halimbawa, itong mga natatanging singil ay maaaring inaalok lamang sa maikling panahon o nakalaan lamang sa mga tawag sa gabi.

## Pagpili ng Serbisyo sa "Cell Phone"

Isipin kung kailan, saan at paano ninyo gagamitin ang "cell phone". Ang CPUC ay naglathala ng babasahin tungkol sa pagbili ng serbisyong "wireless." Para sa isang kopya, tumawag sa: 1-800-649-7570, o bisitahin ang: [www.calphoneinfo.com](http://www.calphoneinfo.com)

Sa pangkalahatan:

- Paghambing ang mga serbisyong inaalok ng mga kompanyang "wireless" bago bumili.
- Unawain ang inyong

pinipirmahan at kung magkano ang baba-yan. Kayo ay maaaring singilin ng Bayad sa Maagang Pagtigil kung ipatitigil ninyo ang serbisyo bago matapos ang kasunduan.

- Kung kayo ay sumangayon sa matagalang kasunduan, tiyaking kayo ay mayroong panahon ng pagsubok na kung kailan masusubukan ang lahat ng mga katangian at tiyaking ang telepono ay gumagana sa mga lugar na madalas ninyong pinupuntahan. Habang nasa panahon ng pagsubok, maaaring ipatigil ang kasunduan na walang bayad sa maagang pagtigil

## Mga "Prepaid Phone Cards"

Sa "prepaid phone cards", kayo ay maaaring tumawag mula sa kahit anong telepono. Bago bumili ng "phone card", hanapin ang mga sumusunod:

1. Pangalan ng kompanya.
2. Paglalarawan ng singil sa baw't minuto na nasa patalastas.
3. Numerong nakalaan sa mga mamimili na matatawagan ng walang bayad sa loob ng 24 oras.
4. Petsa ng mawawalang bisa ang "phone card".

5. Anumang dagdag na singil (halimbawa, mga singil sa "collect call" o mga singil sa bawat pagkakabit ng tawag).
6. Paano maibabalik ang bayad sa mga naputol na tawag.
7. Paano binubuo ang minuto: pataas o pababa.
8. Paano dadagdagan ang pondo sa "card".

## "California Lifeline (ULTS)"

Kayo ay maaaring tumanggap ng bawas sa bayad sa serbisyong lokal na pangtelepono kung ang inyong kita bago bawasan ng buwis ay hindi hihigit sa sumusunod:

1-2 miyembro	\$22,900
3 miyembro	\$26,900
4 miyembro	\$32,400
Sa bawat dagdag na miyembro	\$ 5,500

(Ang mga bilang na ito ay maaaring mapalitan matapos ang May 31, 2009)

Sumali rito sa pamamagitan ng pagbigay ng kasulatan na nagpapatunay na ang kita ninyo ay nasasakop ng hangganan, o sa pagpapakita na kasali kayo sa "SSI", "NSL", "Medicaid", "Medi-Cal", "Healthy Families", "LIHEAP", "Food stamps", "TANF", "WIC" o ilang mga programang pangtribo.

Kung kayo ay kasali na,

ipadala ang "renewal form" baw't taon upang kayo ay hindi matanggal sa serbisyo at hindi na kailangan sumali ulit.

## Panlilinlang sa Telepono

Pag-aralang mabuti ang inyong bayad sa telepono baw't buwan para sa anumang singil o pagbabago na hindi kayo sang-ayon.

Kasama sa mga madalas na panlilinlang sa telepono ang:

- "Slamming"
- "Cramming"
- Mga Mapanlinlang na Patalastas

Ang "slamming" ay ang paglipat ng inyong serbisyong pangtelepono sa ibang kompanya na wala kayong pahintulot. Ito ay labag sa batas.

Ang "cramming" ay ang paglalagay ng mga singil sa inyong babayaran sa telepono na wala kayong pahintulot. Ito rin ay labag sa batas. Maaaring ang mga singil ay may kinalaman sa inyong serbisyo ng telepono o kaya para sa kung ano lamang.

Kung kayo ay biktima ng "slamming" o "cramming", makipag-ugnayan kaagad sa inyong kompanya ng telepono upang maghain ng sumbong at maituwid ang suliranin, at saka ipagbigay-alam sa CPUC hotline ukol sa panlilinlang: 1 (800) 649-7570 o maghain ng sumbong "online" sa [www.calphoneinfo.com](http://www.calphoneinfo.com).

Ang CPUC ay naglathala ng babasahin para sa karagdang kaalaman tungkol sa "slamming" at "cramming". Para sa isang kopya, tumawag sa: 1-800-649-7570, o bisitahin ang: [www.calphoneinfo.com](http://www.calphoneinfo.com).

## Mga Mapanlinlang na Patalastas

Ang mga patalastas sa serbisyo ng telepono ay maaaring nanlilinlang kaya basahin ang buong patalastas kung kayo ay interesado. Kung kasali kayo sa isang serbisyo mula sa patalastas, itago ang mga patalastas at mga kasulatan. Kung hindi maintindihan, hingin sa nagtitinda ang buong paliwanag. Maaaring hingin ang impormasyon sa inyong katutubong wika. Itago ng mga ilang buwan ang mga bayarin sa telepono..



## ALAMIN ANG TUNGKOL SA SERBISYONG PANG-TELEPONO.

GAWIN ITO UPANG MAKATIPID, MAKAIWAS SA MGA PANLILINLANG, AT MAKAMIT ANG PINAKAMABUTING SERBISYO PARA SA INYO

Ito ang ilang mga ideya na dapat alalahanin:

- Kayo ay mayroong karapatang maintindihan ang mga babayaran sa telepono.
- Huwag pumirma o sumang-ayon sa ano mang bagay na hindi naiintindihan. Sabihin sa nagtitinda na ipaliwanag ang lahat bago pumirma.
- Pagkatanggap ng babayaran sa telepono, tig-nang mabuti at itabi.
- Huwag magbigay ng mga impormasyong personal sa telepono maliban lang kung kayo ang tumawag sa kompanya.



*Kaalaman: Huwag tawagan ang isang numerong hindi kilala ang "area code." Ito ay maaaring napakamahal na tawag sa ibang bansa Kung hindi tiyak, tignan sa listahan ng telepono o sa "Internet" o gamitin ang numerong "0" o "411 operator" upang alamin kung saan ang nasabing "area code."*




 **calphoneinfo**  
California's Consumer Education Initiative

[www.calphoneinfo.com](http://www.calphoneinfo.com)  
1 (800) 649 7570 – "Hotline" ng CPUC


SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, BISITAHIN ANG

[www.cpuc.ca.gov](http://www.cpuc.ca.gov)  
[www.fcc.gov](http://www.fcc.gov)  
[www.ftc.gov](http://www.ftc.gov)



"Ako ang 'Keypad Kid' na nagbibigay ng *Serye ng Simpleng Usapan ('Plain Talk Series')* tungkol sa serbisyo ng telepono."

Kung kayo at ang inyong kompanya ng telepono ay mayroong hindi malutas ng pagtatalo, maghain ng sumbong sa [www.calphoneinfo.com](http://www.calphoneinfo.com) o tumawag sa "CPUC hotline" sa 1-800-649-7570.



## Pamahalaan ang Inyong Serbisyo ng Telepono

 **calphoneinfo**  
California's Consumer Education Initiative

Tinatangkilik ng "California Public Utilities Commission" katulong ang mga kompanya ng telepono at mga organisasyong pang-komunidad.

[www.calphoneinfo.com](http://www.calphoneinfo.com)

*Plain Talk Series*  
Simple Phone Tips  
Tagalog, June 2008